

**Photo-op: Sa gitna, Vice Mayor and Presiding Officer ng Sanggunian Homer 'Saki' Saquilayan, kasama ang mga konsehal ng Siyudad ng Imus.**


# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 28 | 10.00 | APRIL 10 - APRIL 16, 2023




**Imus City Councilor Jelyn Laosantos Maliksi**



**Taiwan President Tsai Ing-wen**

## Kapayapaan o digmaan, ano ang pipiliin ng Taiwan

TAOYUAN, Taiwan (Reuters) – Bunga ng umiinit na tensiyon ng kasalukuyang gobyerno ng Taiwan, sinabi ng dating presidente nito sa hinaharap ay kailangang mamimili -- kapayapaan o digmaan.

Sinabi ito ni Ma Ying-jeou na patuloy na dinadala ng kasalukuyang gobyerno sa panganib ang Taiwan.

*See page 2*

## CCC, Bacoor LGU magtutulong kontra climate change P2



**Mayor Strike REVILLA**

# VP Inday Sara most trusted gov't official: poll



**VP Sara DUTERTE**

PULSE Asia in its reports released to media, Wednesday April 12 showed that Vice President Inday Sara Z. Duterte is the most trusted government official in the Philippines.



**President MARCOS Jr.**

Inday Zara, concurrent Education secretary, received an 85 percent trust rating in the March 2023 Ulat ng Bayan country survey conducted between 15 and 19 March.

The poll survey showed President Ferdinand R. Marcos Jr. is the second most-trusted government official, with an 80 percent trust rating.

Marcos is followed by Senate President Juan Miguel F. Zubiri with 48 percent, and House Speaker Martin G. Romualdez with 44 percent.

Supreme Court Chief Justice Alexander G. Gesmundo landed in fifth place, with 39 percent of those polled saying they trusted him.

Forty-five percent of the respondents said they were undecided about whether they could trust

*See page 2*

## Barangay Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) Oktubre 30

INILABAS na ng Commission on Elections (Comelec) ang Calendar of Activities para sa gaganaping 2023 Barangay and Sangguniang Kabataan Elections (BSKE).

Magsisimula ito sa Agosto 28, para sa Filing of Certificate of Candidacy (COC) ng mga nais tumakbo sa iba't ibang posisyon.

Gagawin sa mismong araw ng botohan sa Oktubre 30, mula alas-7 n.u. hanggang alas-3 n.h.

Tumutok sa official Facebook page ng Philippine Information Agency (PIA) Calabarzon para sa pinakahuling updates hinggil sa 2023 Barangay and Sangguniang Kabataan Elections.




# 3 panukalang batas inaprubahan

SA idinaos na ika-15 sesyon ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, pinagtibay nitong Martes, Abril 11, ang tatlong panukalang ordinansa na inihain ni Konsehal Jelyn Maliksi.

Inaprubahan ang tatlong panukalang batas -- City Ordinance No. 05-217 s. 2023; City Ordinance No. 05.-218 s. 2023, at City Ordinance No. 05-219 s. 2023 na iniakda ni Konsehal Maliksi.

Sa mahusay na pamumuno ni Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan, matapos ang una, ikalawa at ikatlong pagbasa, pumabor ang lahat ng miyembro ng City Council (Sangguniang Panlungsod) na amendahan ang ilang probisyon ng naturang tatlong batas.

Sa City Ordinance No. 06-217, , babaguhin ang pangalan ng City Tourism and Development Office at ito ay tatawagin ngayon na City of Imus Tourism and Heritage Office.

Inamendahan din ng City Ordinance No. 05-218 ang ilang probisyon ng "City of Imus Tourism Council Ordinance" sa layuning mas mapalakas ang turismo sa siyudad ng Imus.

Inamendahan naman ng inaprubahang City Ordinance No. 05-219 ang ilang probisyon ng "City of Imus Culture and the Arts Council of 2019."

Sa sesyon, sinabi ni Vice Mayor Saquilayan na mahalaga na pagtibayin ang tatlong panukalang batas ni Konsehal Maliksi upang mapasigla ang turismo sa lungsod, at sa layuning makabuo ng mas malawak na kaalaman sa kultura at sining ng mamamayang Imuseno.

Sa nabanggit na sesyon, nagbigay ng ulat si Konsehal Wency Lara, tagapangulo ng Committee on Ordinances, Rules, Privileges, and Legal Matters tungkol sa akreditasyon ng Department of Health (DOH) sa City of Imus Community Based Drug Rehabilitation Provider.

Ang mga ito ay ang Bridges of Hope and Psychiatrists, Servants of

*Sundan sa pahina 2*



***Karate Gold Medalist Jedd-theus Manzano***



***Boxing Gold Medalist Eumir Felix Marcial***

## Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort P8

# CCC, Bacoor LGU magtutulong kontra climate change

INIANUNSIYO ni Bacoor City Mayor Strike Revilla na tutulong ag pamahalaang lokal sa Climate Change Commission (CCC) sa pagsisikap na matugunan ang malaking problemang idudulot ng pabago-bagong galaw ng klima sa mundo.

Sinabi ito ng alkalde sa miting na ginanap, Miyerkoles, Abril 12, kasama ang mga opisyal ng CCC at pinag-usapan ang mga plano tulad ng pagpapalago ng taniman ng bakawan sa tabing dagat, paglilinis ng mga ilog at daluyan ng tubig at maayos na paglikom at pagtatapon ng solid wastes.

Kailangan na, sabi ni Mayor Revilla, na magsama-sama ang lahat ng sektor, lalo na ang mamamayan sa pagharap sa mga problemang dala ng climate change.

"Rapid environmental change is all around us here being the gateway of the metropolis. We welcome and invite all sectors at the local and national levels to join us in combating the challenges of climate change in our city," panawagan ng alkalde.

Tutulong ang CCC sa pamahalaang lungsod tungkol sa Local Climate Change Action Plan (LCCAP) and Accessing the People's Survival Fund (PSF), pati na sa pagsasagwa ng greenhouse gas inventory at iba pa.

Ayon kay CCC Vice Chairman at Executive Director Robert E.A. Borja, naglaan ang pambansang pamahalaan ng P453.1 bilyon para matustusan ang mga programa at kilos laban sa lumalalang climate change sa buong bansa.

Gagastusin ang pondo ang inisyatibo ng mga lokal na pamahalaan para mapabuti ang kapaligiran ng kani-kanilang bayan at siyudad, sabi ni Borja.

Tiniyak ni Mayor Revilla ang lubos na siporta sa lahat ng programa ng CCC upang matiyak na mapangangalagaan ang mamamayan ng lungsod laban sa climate change. /**HENRY E. CAOILE**

## VP Inday Sara... *mula sa p.1*

Gesmundo.

The trust ratings for Marcos, Romualdez, and Zubiri all decreased by one digit: three points for Marcos, four points for Romualdez, and six points for Zubiri.

The poll results said that the trust ratings for Duterte remained steady from the previous quarter.

Only Gesmundo's trust ratings increased from November 2022 by 11 percentage points.

Duterte also had the highest approval rating with 83 percent, while Marcos had the second-highest rating with 78 percent. Zubiri and Romualdez came in next at a 51 percent approval rating, while Gesmundo came in last at 45 percent approval.

Duterte likewise received the a 98 percent, the highest score for performance and trust in Mindanao in the poll survey in March 2023.

Duterte also received a 97 percent performance rating in the Visayas, which increased from 92 percent in November 2022 in March 2023.

Ninety-seven percent of the respondents in the Visayas and Mindanao indicated they also trusted Duterte.

Most people in Metro Manila and the rest of Luzon approve of Duterte's performance.

The highest performance ratings for Marcos were in the Visayas by 93 percent and in Mindanao by 87 percent.

However, the President's performance ratings fell in Luzon from 77 percent to 70 percent and in Metro Manila from 76 percent to 68 percent.

Despite the decline, 73 percent of the respondents in both Metro Manila and Luzon still indicated that they trusted the Chief Executive.

## Kapayapaan o digmaan... *mula sa p.1*

Si Ma ang unang dating presidente ng Taiwan na bumisita sa China mula 1949 nang tumakas ang pangkat ni Kuomintang (MDT) Gen. Chiang Kai-shek bunga ng pagkatalo laban sa Communist Party of China ni Chairman Mao Zedong.

Sa dating probinsiya ng Formosa itinatag ni Kai-shek ang sariling gobyerno na kilala ngayon sa pangalang Taiwan.



Dating Taiwan President Ma Ying-jeou

Matapos ang 11-araw na pagbisita sa China, sinabi ni Ma sa media pagkalapag sa Taoyuan airport na inilalagay sa malaking panganib ng kasalukuyang gobyerno ang Taiwan.

""Our administration continues to lead Taiwan to danger," sabi ni Ma na naging pangulo mula 2008 hanggang 2016 at pinuno ng gobyernong Kuomintang.

Kapanalig ngayon ng Kuomintang ang China na nais ang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa China.

Habang nasa China si Ma, bumisita naman sa US si Taiwan President Tsai Ing-wen at nakipagmiting kay US House Speaker Kevin McCarthy at iba pang matataas ng opisyal ng Amerika.

Nitong nakalipas na mga buwan, pinatitindi ng China ang puwersa politikal at militiar nito upang magpailalim sa kapangyarihan ng Chinese Communist Party.

Tumanggi si Tsai na sinabing tanging ang mga mamamayan ng isla ang magpapasiya ng kanilang kapalaran.

Kinastigo ng Democratic Progressive Party (DPP) ang pagbisita ni Ma sa China.

Ayon kay Ma, maaaring makipagkasundo ang Taiwan sa iisang prinsipyo ng "nag-iisang China" upang maiwasan ang tensiyon at ito para sa kabutihan ng mga mamamayan ng Taiwan.

Sinabi ng KMT na layunin ng pagdalawa ni Ma sa China ay upang mapalamig ang umiinit na tensiyon upang maiwasan ang pinangangambahan na bantang pagsakop ng Taiwan.

Paghahanda na rin ito, sabi ng KMT sa muling pagtakbo ni Ma sa darating na eleksiyon sa Enero 2024.

Kapayapaan at kaligtasan ng Taiwan ang nais niya, sabi ni Ma sa pagdalaw sa China.

## 3 panukalang batas inaprubahan

*mula sa pahina 1*

God, at Mary Immaculate Laboratory.

Sa inihain namang resolusyon ni SK Federation Joshua Guinto, kinilala ng Sanggunian at ng pamahalaang lungsod ang husay ng dalawang atletang Imuseno.

Ayon kay Konsehal Guinto, tagapangulo ng Committee on Sports and Youth Development, nararapat lang bigyang pansin ang karangalang naibigay sa siyudad ng atleta sa karate na si i Jedd-theus J. Manzano at ng middleweight boxer na si Eumir Felix D. Marcial sa larangan ng boxing.

Nitong nakaraang Luzon Games 2023, nakuha ni Manzano ang gold medal at silver medal sa Karate Pilipinas National Championship.

Bilang amateur, naiuwi ni Marcial ang silver medal sa nakaraang 2019 World Championship at bronze medal sa 2020 Summer Olympics.

## Medical Mission in San Francisco, Gen. Trias City

IN ensuring the provision of healthcare services to the constituents in need, the Provincial Government of Cavite (PGC) through Office of the Provincial Governor – Extension, coordinated with Councilor Walter Martinez in the recent conduct of medical mission program at Sunny Brooke II, Brgy. San Francisco, City of General Trias, on Wednesday, April 12.

A total of 582 patients were provided much-needed assistance, including medical check-ups and consultations rendered through the joint efforts of Cavite PHO technical team, composed of Dr. Promise Joy Tio, Dr. Raven Joshua Tolentino, nurses and midwives, and General Trias City Health Office, with Dr. Cherry L. Aspuria and Dr. Rubie Iso-Lumbre.

OPG-Extension staff assisted the patients in the venue proper and distributed free prescribed medicines and vitamin supplements.

The Federation of Citizen Crime Watch – Special Task Force – Trece Martires City Chapter and Barangay Public Safety Officers assisted in the organization and smooth operation of the said program.

The residents of Brgy. San Francisco through Councilor Tey Martinez thanked Governor Jonvic Remulla, the PGC for the continuous effort of bringing healthcare services closer to Gentriseños, as it is a big help to the less fortunate locals./**PICAD**

## 2 pulis Cavite iniimbestigahan ng CHR

DALAWANG pulis ng Imus City ang isinasailalim ngayon ng imbestigasyon ng Commission on Human Rights (CHR) Region IV-A dahil sa paratang na sangkot sila sa paggahasa sa isang 18-taong gulang na babaeng estudyante noong Marso 19.

Nitong Martes, Abril 3, sinabi ng CHR na kung mapatutunayang totoo nga ang paratang sa dalawang pulis, sila ay pananagutin sa krimen, ayon sa proseso ng batas.

Krimeng rape (paggahasa) at kasong administratibo (grave misconduct) ay naisampa na laban kina Master Sergeant Rey Pogoso at Corporal Bryan Balajay ng Police Community Precinct 1 sa Imus, Cavite.

Kinumpiska sa kanila ang kanilang baril, tsapa at PNP identification cards.

Ayon sa rekord ng kaso, kasama ng biktima ang kanyang kasintahan, dalawang pulis at tatlong iba pa masayang nag-iinuman sa apartment ng dalaga sa Bacoor City.

Umano, halinhinang inabuso ng dalawang pulis ang biktima nang umalis ang katipan nito para bumili ng maiinom na alak.

Kung mapatunayang sila nga ang gumawa ng krimen, sina Posogo at Balajay ay sisipain sa serbisyo, sabi ni Police Brigadier General Jose Melencio Nartatez, Calabarzon police regional director.

Kaugnay nito, nanawagan ang CHR sa gobyerno na gawin ang lahat ng makakayang paraan upang mapanagot ang mga tiwali sa pulisya./ **ET II**

# 'The accused is presumed innocent'

ISA sa elemento sa kasong libelo ay kailangang matukoy nang walang alinlangan, nang walang pagdududa na siya nga, wala nang iba pa ang pakay ng paninirang-puri.

Ito ang sabi ng Supreme Court sa isang kasong Libel laban kay Leo Lastimosa sa kolum niya sa "The Freeman", isang araw-araw na pahayagan sa Cebu.

Sa Arangkada column ni Leo na may pamagat na "Si Doling Kawatan (Doling the Thief), kinasuhan siya ni Cebu Governor Gwendolyn F. Garcia: ito sa paniniwala ng gobernadora, siya ang pinarurunggitan na si "Doling Kwatan."

Kasingtunog kasi o maaaring isipin na ang alias na Doling ay katugma ng pangalang Gwendolyn, kaya nagdemanda ang gobernadora ng kasong libelo laban kay Lastimosa.

Guilty ang hatol ng Cebu Regional Trial Court (RTC) kay Lastimosa ng multang P2-milyon at kung mabigo na mabayaran ang multa, may dagdag na parusang pagkabilanggo.

Umapila si Lastimosa at 'guilty' rin ang hatol ng Court of Appeals (CA) noong Hulyo 27, 2016 pero ibinaba sa P500,000 ang multa.

Sa desisyon ng 3rd Division ng SC na inakda ni Associate Justice Alfredo Benjamin Caguioa ay sinabi: "Clear from the foregoing is the fact that none of the two witnesses who were meant to establish that third persons could recognize 'Doling' as Garcia was able to confirm beyond reasonable doubt that it indeed referred to her."

Hindi nakumpirma ng dalawang testigo na si Gov. Garcia nga ang tinutukoy na si "Doling", sabi sa desisyon.

Sabi pa ng SC: "Inthis case, there is no anchor apart from the auditory



Here n There

ni ELI TAPARAN ii

similarities between 'Doling' and Garcia's first name, Gwendolyn."

Ibig sabihin, hindi sapat na dahil magkasintunog o magkahawig sa pakinig ang "Doling" sa "Gwendolyn," ang gobernadora ng ang tinutukoy na "Si Doling Kawatan" (Doling the Thief) sa kolum ni Lastimosa.

Dahil may makatwirang dahilan upang pagdudahan na si Gov. Garcia nga ang tinutukoy na si "Doling Kawatan," ipinasiya ng Kataastaasang Hukuman na iabsuwelto si Lastimosa.

"All told, there is reasonable doubt as to the element of identifiability, which is necessary for a libel suit to prosper. Therefore, Lastimosa must perforce be acquitted," sabi ng SC.

Sa desisyon, isa sa dahilang pumabor kay Lastimosa ay ang sinasabi ng batas na ang isang akusado ay laging "presumed innocent" o ipalalagay na inosente o walang kasalanan.

Ito ang tinatawag na presumption of innocence.

Sabi ng SC, sa pag-usig sa kasong libel o paninirang-puri, kailangang maingat na suriin at timbangin ang tungkol sa kalayaan sa pagpapahayag at ng pamamahayag (freedom of expression and of the press) at ang kapangyarihan ng Estado na magparusa sa mapanira at nakasisirang puring pagsasalita (the power of the State to impose subsequent punishment on harmful speech, on the other.)

Sa desisyon, tinukoy na kailangang tiyak na tiyak, walang anomang duda o alinlangan na ang mga elemento sa isang krimen ay totoo nga upang mapatawan ng parusa ang isang akusado.

At kung may duda o may makatwirang mga dahilan upang pag-alinlanganan na may-sala nga ang akusado, dapat ang desisyon ay pabor sa inaakusahang gumawa ng krimen.

Sabi ng SC: "Thus, the court would meticulously ensure first that all the elements of the crime are individually proven beyond reasonable doubt before arriving at a judgment of conviction."

Sa kaso laban kay Lastimosa, may makatwirang dahilan at alinlangan na ang tinutukoy sa paninirang-puri ay siguradong iyon ngang taong iyon.

"In this case, there is reasonable doubt in one of the elements, namely, the element that the person allegedly defamed must be identifiable in the subject writing."

@@@

Binanggit ko ang kaso ni Lastimosa dahil noong 2019 nang umuwi ako sa Pilipinas mula sa Vancouver, BC, Canada, "sinampal" ako at ilang publisher ng Cavite weekly newspaper ng sandamukal na kaso: libel, grave coercion, intriguing against honor, usurpation of authority, incriminating against innocent person, illegal use of alias, violation of Privacy Law, unjust vexation at iba pa.

Isinampa ang mga kasong ito sa San Pablo City, Calamba City (Laguna); Bacoor City, Dasmarinas City (Cavite) at Cabanatuan City (Nueva Ecija).

Ang kabobohan pa ng mga complainant, sa isang kaso na isinampa laban sa akin, hindi ako ang author o umakda ng balita.

Isa pang katangahan, alam na alam ng mga complainant na hindi binanggit ang kanilang mga pangalan at ang diyaryo na sinasabi nila na naperwisyo sa "libelous news article," itinuloy pa rin ang pagsasampa ng mga gawa-gawa, malisyoso at libelous complaint -- na lahat nga ay ibinasura ng piskalya.

Talagang pinerwisyo ako at mga kapwa ko akusado -- ang isa ay namatay sa malabis na kunsumisyon, di-pagkatulog at malabis na pag-iisip sa malaking lugi sa negosyo na dulot ng mga isinampang kaso laban sa amin.

Uuwi ako sa atin ngayong Hulyo at may nagpayo sa akin na kasuhan ng malicious prosecution ang mga pumerwisyo sa akin at mga kasama kong naabswelto.

Any comments, dear readers?

Teka, Tolindo, 'yung usapan natin na magpapakain ka, at magbibigay ng 'gift' sa akin pag naabswelto ako sa mga kaso, aantayin ko.

Para sa inyong komento, magpasa na sa taparaneliseo@gmail.com

# More love, more understanding, quality elderly care for seniors

I READ the other a news item stating that the"Department of Budget (DBM) releases almost P43 billion for health insurance of over 8 million senior citizens."

The amount, P42,31,355,000, acccording to DBM Sec. Amenah F. Pangandaman will cover one-year health insurance premiums of senior citizens nationwide.

But only those senior citizens who are enrolled to PhilHealth will be covered by the said one-year health insurance premiums.

At present, Pangandaman said there are about 8,586,271 PhilHealth enrolled senior citizens.

The amount, the DBM explained translates to a P5,000 annual health insurance coverage for each enrolled Filipino



Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

seniors but how about the remaining less than a a million 60-year old plus Filipinos not enrolled in the PhilHealth ?

Is it not under the Universal Health Care Act (UHCA) all Filipinos are automatically enrolled as a PhilHealth Care member?

The UHCA states that senior citizens are automatic members of PhilHealth provided they are listed as member of the Office of the Senior Citizen Office (OSCA) in the locality where they reside.

Kaya 'yong hindi pa member ng OSCA sa inyong lugar, magpalista na kayo, kumuha kayo ng dalawang kopya ng PhilHealth Member Registration Form (PHMRF).

Accomplished the two PHMRF and submit them to OSCA in your locality.

And do you know, seniors like me --am 80 year-old "young," comprised more than 8.5 percent or 9.2 million of the the total 109,035,343 population according to the Philippine Statistics Authority in 2020 census.

It's now 2023 and many more thousands have already "enlisted" in our exclusive club of what they jokingly described as "amoy lupa," and "queen-ager" and "King-ager."

During the campaign period, then candidate Bongbong Marcos said that if elected president he will ensure that all "amoy-lupa" get the support and resources they deserve, and to this, I say: "Maraming-maraming salamat po, Mr. President!"

Through this column, Sir Mr. President Marcos I would like to appeal to you a little compassion to please help me to get the SSS benefits from my deceased son, Francisco Zamora.

I had pleaded a number of times to the SSS management, specially to SSS President/CEO Rolando L. Macasaet but as I write this column, wala pa pong nangyayari.

I know that as a senior, I have become weak, frail and sickly.

My other son, Joselito who then cared for me, has been murdered two years ago, and at present, I live alone and thank much to my friends in media, old friends who whenever I call them, they never failed to help me.

Seniors like me with our aging conditions need for more attention, more love, more understanding, and more importantly, quality elderly care.

See page 6

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Chief of Reporters GENE TAPARAN TAN
Contributing Writers: LOD BELTRAN
NOLI LIWANAG
ED 'MUTO' G. CUENCA
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Naic Mega Job Fair













MULI na namang idinaos ang isang Mega Job Fair Caravan na na dinaluhan ni Vice Mayor Jun Dualan at ilang opisyal ng bayan ng Naic na tinatawag na "Trabaho sa Kabataang Kabitenyo" nitong Martes, Abril 12,

Maraming trabaho sa mga lokal na kompanya ang inialok ng mga kompanyang lumahok sa proyekto na inorganisa ng Sangguniang Kabataan Provincial Federation (SKPF), katuwang ang Provincial Public Employment Service Office (PPESO).

Mga trabaho sa pabrika, retail, health care, at iba pang industriya ang inialok sa mga kabataang Naicqueno sa job fair na ginanap sa sa Naic Shopping Strip.

Matapos na magsumite ng resume, opisyal na ID at iba pang dokumento, dumaan sa interbyu ang mga employer, nabatid na maraming aplikante ang natanggap sa trabaho.

Nabigyan ng pagkakataon din ang mga dumalo sa okasyon na makapagproseso at makakuha ng clearance mula sa National Bureau of Investigation (NBI).

Ang iba pang aplikante ay sinabihan na magbigay ng iba pang dokumento para sa trabahong inaaplayan.

Bukod kay Vice Mayor Dualan, sumaksi sa aktibidad si SKPF President Tom Carlo M. Ardemer at PPESO head Ms. Rizalie P. Enero./**PICAD**




# DOST Region 1 boosts community empowerment program in Pangasinan

THE DEPARTMENT of Science and Technology Regional Office 1 (DOST-I), through the Provincial Science and Technology Office (PSTO) – Pangasinan, conducted a blended planning activity for government and educational institutions in the province of Pangasinan, under the Community Empowerment through Science and Technology (CEST) program.

The learning event, held from 28-29 March 2023, was participated in by representatives from the LGU-Bolinao and Dagupan, Technical Education And Skills Development Authority (TESDA) Pangasinan Provincial Office, Pangasinan State University (PSU), Universidad de Dagupan (UdD), and Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Provincial Fisheries Office – Pangasinan (BFAR PFO-PANG).

Engineer Arnold C. Santos, Pangasinan Provincial S&T Director, emphasized the importance of every stakeholder's active participation in achieving the program's goal of improving people's lives through science and technology.

"I sincerely hope that through our combined efforts, we will be able to pinpoint workable initiatives and projects that will have an impact on those in our community, and that we genuinely achieve our main objective of empowering them," he said.

Results of the conducted community needs assessment (CAN) in the five (5) entry points of CEST, namely: Livelihood/Economic and Enterprise Development, Health and Nutrition, Environmental Protection and Conservation, Human Resource Development, and Disaster Risk Reduction and Management and Climate Change Adaptation, were presented during the planning session for the group to craft a plan, define the roles of stakeholders, and identify necessary interventions for the implementation.

DOST-I, in its thrust to provide solutions to community problems through science and technology, expressed its commitment to provide S&T interventions to more disadvantaged and marginalized sectors to build empowered, progressive, and resilient communities in the region./ **MONIQUE C. ESGUERRA**







Salamat po: Nagpasalamat ang tropang Eloy Dam kay Naic Mayor Raffy Dualan (gitna) sa pamumuno ni Chairman Joy Taparan, Konsehal ng Barangay Palangue 2 Nelson Masicap, Sec. Susan Emelo; Treas. Allan Tibayan; PRO Marcelo Sapanghila;

# Mini Rice Mill: Handog kabuhayan sa SMMED



Magaling, mahusay: Sinubukan ni Sec. Susan Emelo, Chairman Joy Taparan at Sgt.-at-Arms Reynold Taparan ang mini rice mill.

DI na kailangan pang magpunta sa bayan ng Naic para magpagiling ng palay ang mga magsasaka ng Barangay Palangue 2 at karatig lugar sa handog kabuhayan na natanggap sa pamahalaang lokal.

Sa isang social media post, pinasalamatan ni Joy Taparan, chairman ng Samahan ng Magsasaka at Mangingisda ng Eloy Dam (SMMED) si Mayor Raffy Dualan at Konsehal Bernie Lopez na ibinigay na mini rice mill.

"Maraming Salamat po Mayor Raffy Dualan at Konsehal Bernie Lopez sa binigay nyong mini rice mill sa Samahan ng Magsasaka at Mangingisda ng Eloy Dam (SMMED," sabi ni Chairman Taparan.

Pagkatangggap, agad sinubukan ang mini rice mill at nakita na mabilis na nagigiling ang palay at naglalabas ng malinis na maputing bigas.

Bukod sa bigas, may darak pang maipapakain sa alagaing baboy at magagamit na pataba o panggatong ang ipa ng palay.

Di nalimot ng tropa ng samahang Eloy Da, na pasalamatan si Jaime del Rosario dahil "sa pagsuporta sa aming Samahan."

Ipinangako ni Taparan kina Mayor Dualan at Konsehal Lopez na iingatan nila ang mini rice mill at ipahihiram sa iba upang magamit sa pagpagiling inaning palay. /**GENE TAPARAN TAN**

# PGC joined hands with IPOPhil in celebration of 2023 Intellectual Property Month

IN recognizing the vital role of intellectual property in creativity, innovation, and businesses, the Provincial Government of Cavite (PGC), through Provincial Cooperative, Livelihood, and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO), in partnership with the Intellectual Property Office of the Philippines (IPOPhil), organized the Intellectual Property Month celebration kick-off activity on April 11, 2023 in Trece Martires City, Cavite.

The activity formally started through a ceremonial signing of memorandum of agreement (MOA) between Cavite Governor Jonvic C. Remulla, for PGC, and Dir. Ralph Jarvis Alindongan, for IPOPhil, at the Office of the Provincial Governor Conference, Provincial Capitol Building.

The MOA will solidify the commitment of both parties in spreading the importance of respecting and protecting eberyone's intellectual property rights.

The event was witnessed by Mr. Alvin S. Mojica, Provincial Administrator for Community Affairs, and Atty. Khervy B. Reyes, Officer-in-Charge of PCLEDO.

During the celebration, the Cavite Intellectual Property Nexus was launched at Cavite Cooperative Development Center (CaCoDeC) with the ribbon cutting ceremony led by PA Mojica and Dir. Alindongan, and was attended by guests, including Fr. Arturo Joseph M. Balagat, Cavite Provincial Cooperative Development Council Chairperson, Ms. Niña Maranga, representative of DILG Cavite Dir. Lionel L. Dalope, and Ms. Analyn S. Varias and Ms. Kristine M. Diaz of DTI Cavite Provincial Office.

In their messages, PA Alvin Mojica and Dir. Ralph Jarvis Alindongan underscored the significance of IP, stating that they are in solidarity for the enforcement of rights and protection to fight IP theft and uphold fair competition.

The Cavite Intellectual Property Nexus houses varieties of goods and products of creators, innovators and entrepreneurs in Cavite province, which is essential for the promotion and growth of the owners, as well as of the province's economy./ **PICAD**

# ELITE LEADERSHIP AWARD IN PUBLIC SERVICE



Nakangiting ipinakikita ni Gab Revilla ang plake at tropeo para sa kaloob na Elite Leadership Award ng kanyang ama, Cavite District One Cong. Jolo Revilla

Maraming salamat sa karangalan na iginawad sa akin sa 10th Elite Awards Night na dinaluhan ng aking anak na si Gab Revilla. Ang inyo pong lingkod ay nabigyan ng Elite Leadership Award in Public Service dahil sa ating performance sa Kongreso at sa ating mga inilunsad na programa at proyekto sa Unang Distrito ng Lalawigan ng Cavite.

Ang award na ito ay aking inihahandog sa aking mga kababayang Caviteño dahil sila ang patuloy kong ispirasyon kaya ako ay nagsusumikap sa ating paghahatid serbisyo. Ating pong pinaghuhusayan ang paglikha ng mga makabuluhang batas para tuwirang mapakinabangan ng mga Pilipino. Hindi din tayo matatapos sa paghahatid ng napakadaming proyekto sa Unang Distrito nang sa ganon ay tuluyan na nating mabangon ang kalagayan ng distritong ito hanggang sa maramdaman na ng ating mga kababayan ang pagbabago na ating ginagawa wala pa man tayo isang taon sa pwesto.

Muli, maraming salamat po sa award na ito. Binabati ko din ang mga kapwa ko public servants na nabigyan din ng pagkilala ngayong gabi na ito.

Para sa inyo ito, mga Caviteño!

# More love...

from page 3

I am perplexed with the statement of Sec. Pangandaman that only those enrolled with PhilHealth will benefit from the one-year health insurance premiums.

Hindi ba alam ni Sec. Pangandaman ang karapatang ibinibigay sa lahat ng Filipino senior citizens, ito po ang National Health Insurance Program sa ilalim ng Republic Act 10645 ( The Expanded Senior Citizens Act of 2010) at sa atas ng RA 11223 o ang Universal Health Care Law?

Mr. President Marcos, kayo po ay senior na rin tulad namin, pero hindi nyo po problema ang pinoproblema naming milyon-milyong mahihirap na "amoy-lupa."

If my memory is right, the UHCA was signed by then President Rodrigo R. Duterte in February 2019.

Lolo Digong said that the UHCA is a tribute to the contributions of Pinoy elderlies in nation building.

Even as we continue to age, I believe, we seniors are still an important members of this nation.

We still can contribute in improving the lives of our family members: kung bibigyan pa kami ng pagkakataon, kami -- na binibiro na "gurang," "dugyot," "pinaglipasan ng panahon," ay may makakaya pang mag-ambag sa ikabubuti ng ating komunidad.

Despite what Sec. Pangandaman had said about excluding those unenrolled to PhilHealth, I thanked her for alloting the amount to help grandpas, grandmas to stay strong and healthy.

Salamat po, Sec. Pangandaman!

Any comments, send them to arzmedia777@gmail.com


**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF DECEASED SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET AND THE DECEASED GLICERIA SISMAET MARJES**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES JULIAN SISMAET AND JUANA DEL MUNDO SISMAET,** who died on August 5, 1975 and May 8, 1978 and **GLICERIA SISMAET MARJES** ,who died on December 10, 2021, left a parcel of land agricultural land convered by Tax Declaration NO. AA-13-0017-00280 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid, under Doc. No. 1820 Page No. 49, Book No. 9, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**



**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **PAMFILO R. ROMERO AND AVELINA E. ROMERO,** who died on February 9, 2012 at Brgy. Javalera, General Trias, Cavite and April 12, 2022 at Brgy. Javalera, City of General Trias, CAvite, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. Transfer Certificate of Title No. T-892649 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. octava, under Doc. No. 31, Page No. 7, Book No. VI, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**


# 'Yang isyu ng political dynasty



**REVANZE**

**by Domz B. CAOILE**

ISANG netizen at subscriber ng ating BantayBalita, maraming-maraming salamat po, Sir. AB Del Rosario) ang nagtanong: "Ano po ang masasabi nyo, e sa Cavite po, parang walang access ang karaniwang tao na nais manungkulan sa gobyerno?"

Mr. AB Del Rosario is referring to what Section 26, Article II ng 1987 Constitution, na dun ibinabawal ang political dynasty.

Tiningnan ko ang sinasabi sa ating Saligang-Batas: "The State shall guarantee equal access to opportunities for public service and political dynasties as may be defined by law."

Sa ating sistema, ang gumagawa ng batas na kontra sa political dynasty ay ang Kongreso, ito po ang House of Representatives (lower house) at ang Senate (upper house) na marami ay mula sa pamilya ng mga dati nang politiko mula pa dekada 70 hanggang ngayon.

Mr. AB Del Rosario, maaasahan po ba natin ang mga pamilyang ito na gumawa ng batas na kokontra sa kanilang karapatang makatakbo uli at ang kanilang kapamilya na pumuwestro at mahalal sa gobyerno?

Alam na nyo ang sagot sa tanong na ito.

Pansin ng isang kaibigan, may "mali" sa Section 26 ng 1987 Cory Aquino Constitution, sabi niya, walang diin o mandato sa sinasabi ng batas.

"The State shall guarantee equal access xxx" at ito ay optional kumbaga, pwede o hindi pwedeng gawin ng Kongreso.

Sana raw ang isinulat ay ito: "The State MUST guarantee xxx."

Malinaw ang pagkasulat kung ang nakalagay ay "Must" sa halip na "Shall".

Hindi na ito mabibigyan pa ng ibang interpretasyon, malinaw ang utos na ang House at ang Senate ay dapat magpasa ng batas kontra sa kanilang interes, tama po ba, Mr. AB Del Rosario?

@@@

Hindi lang sa Pilipinas uso ang political (family) dynasty, sa US uso yan at sa maraming bansa, maliban sa mga bansang monarkiya pa rin ang sistema ng gobyerno na ang poder ay nasa "dugong bughaw."

Sa atin, dalawang Aquino ang naging pangulo (Cory at Noynoy); dalawang Macapagal (Dado at Gloria Macapagal-Arroyo), at ngayon, presidente natin ang junior ni Prez. Ferdinand E. Marcos.

E, sila ang ibinoboto, at ang sabi ng batas natin, "The Voice of the People is the Voice of God" (Ang Tinig ng Bayan ay ang Tinig ng Dios." at sino tayo na sasalungat sa gusto ng taumbayan.

At marami ang nagsasabi, after of Pres. Bongbong Marcos, there is a great possibility that VP Inday Sara Duterte will become the elected president in 2028 national elections.

At mas matapang daw si VP Inday Sara kaysa kay dating Pres. Digong Duterte.

Sana nga po!

@@@

Wag na nating tingnan ang composition ng Senado at Kamara na punumpuno ng magkakapamilya na nakapuwesto roon.

Masama raw ba ang political dynasty na kitang-kita sa Cavite, tanong ni Mr. AB De Rosario, at ang sagot ko, maganda ang itinatakbo ng aming mga siyudad at bayan kahit ang nakaupo ay magkakapamilya.

Una, pag eleksiyon, wala namang kumokontra sa pagtakbo nila at madalas nga, unopposed at kahit may kalaban, "sure ball," sabi nga ang panalo ng magkakapamilya, kasi, sa paniniwala ng mga botante at ng taumbayan, super ang kanilang achievement sa public service.

Katunayan, ang Cavite ay isa sa pinakaprogresibong lalawigan sa buong bansa.

Sa kamay ng mag-asawang Cong. Pidi at Mayor Jenny Barzaga ang dating "magubat" na Dasmarinas ay siya ngayong pinakamayaman at pinakaprogresibong siyudad sa Cavite.

Napakahusay ng pamamalakad ng Barzaga family sa Dasmarinas, e ano kung sila na lang ang mamahala sa siyudad.

We can also say this to Bacoor City na mula nang hawakan ng pamilya Revilla, walang tigil ang pagsulong at paglago ng buhay at kabuhayan ng mga mamamayan.

Tulad na lang ng rekord ni dating VGov ngayon ay District One Cong. Jolo Revilla mula nang manungkulan, kaybilis ng nabago sa mga bayan ng Kawit, Noveleta, Cavite City at Rosario.

E, ilang mahigit dalawang dekadang hinawakan ng pamilya Abaya ang distritong ito, pero ngayon lang nakakakita ng pagbabago ang mga residente rito at gayon na lamang ang pasasalamat na si Cong. Revilla ang kanilang iniupo sa Kamara.

Sa mga Bacooreno, okey lang kung magpalitang alkalde, kongresman ang magkakapamilyang Revilla, kasi nga kitang-kita ang progreso ng siyudad, lalo na at maraming-maraming proyekto na naitayo na pinakikinabangan nila.

Okay lang kung mayor ulit si Mayor Strike at kongresista uli si madam Lani Mercado Revilla at Agimat partylist si Bryan Revilla at vice mayor si Ate Rowena Bautista Mendoza, ang panganay na kapatid ni Sen. Bong Revilla.

Halos triple ang iniunlad ng dating munisipalidad at ngayon ay siyudad ng Gen. Trias mula nang manungkulan ang magkapatid na Mayor Jonjon at Cong. Atty. Ony Ferrer.

Malapit nang maging siyudad at tiyak na mananalo sa plebesito ang "Yes" sa cityhood ng Carmona -- na dati ay sakop ng Silang ay naging maunlad na bayan, at napakalaki ng ipinagpapasalamat sa mahusay na pamamalakad ng mag-asawang Mayor Dr. Dahlia at Congressman Roy Loyola.

Nakatatayo nang mahusay ang munting bayan ng Noveleta mula nang maupo si Mayor Dino Reyes Chua, at ngayon, nakikita ang malaking pagbabago sa unang termino ng kapatid nito, si Cavite City Mayor Denver Reyes Chua, at sa Sanggunian, natuwang nila ang batang kapatid na si Bokal Denver Reyes Chua.

Sa kamay ng yumaong Rosario Mayor, Atty. Jose 'Nonong' Ricafrente ay higit sa doble ang inilago ng kabuhayan at buhay ng mga mamamayan ng Rosario at ito ay ipinagpapatuloy ng makisig niyang anak, si Mayor Voltaire at sa dami ng akomplisment ni Mayor Nonong, mananatili sa puso ng mga taga-Rosario ang iniwang pamanang mahusay na paglilingkod ng pamlya Ricafrente.

Patuloy ang pag-unlad ng Tagaytay City sa kamay ng pamilya Tolentinoat sa mahigit na apat na dekada, patuloy ang pagkilala sa lungsod na ito sa

Sundan sa pahina 7


**EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE**

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RODALINO GALVEZ BANTUGAN,** who died on 03 December 2017, in Dasmarinas City,, Cavite, left a parcel of land with improvements thereon herein covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2017029273 & Transfer Certificate of Title No. 057-2012004537 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Epifanio M. Almeda CPA, under Doc. No. 167, Page No. 35, Book No. LXXXIV, Series of 2021.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

# Don't deal with fixers: LTO

APPLICANTS for driver's licenses and other related transactions at the Land Transportation Office (LTO) will never amount to anything good.

This was the warning made by LTO Chief Jay Art Tugade after the arrest of alleged fixers in two separate incidents in Iloilo City and in Oas, Albay.

Dealing with fixers may end up paying for more, said the LTO.

Applicants may get fake documents, or lose their money and not get any document at all.

Fixers and their cohorts inside the agency will be dealt with severely according to our laws, warned Tugade.

The alleged fixers were arrested in two separate entrapment operations conducted by LTO regional offices and law enforcement officials in Iloilo and in Bicol.

The report said that one of the suspect is reportedly a barangay official in Barangay Ilongbukid, San Rafael, Iloilo.

The other suspect is a volunteer traffic enforcer of the Oas Anti-Crime Community Emergency Response Team.

The two suspects are facing charges of violation of Republic Act 11032 or the "Ease of Doing Business Law," including several counts of falsification of public documents based on the Revised Penal Code and Usurpation of Authority.

"LTO's campaign against fixers nationwide is a continuing fight until we eradicate them. We appeal to the public not to engage their services, it is illegal. We have the right processes, don't take a shortcut, it will only put us all in danger, if an applicant for driver's license got their license without any road training," said Tugade. **/LOY BELTRAN**

# 'Yang isyu ng political dynasty

*from P6*

pinakamagandang tourist destination ng bansa, kaya maraming salamt sa pamumuno nina Mayor Bambol, ngayon ay ang vice governor na si Athena at 8th Dist. Rep. Aniela Tolentino.

Tiyak din, sa susunod na eleksiyon, ibabalik sa Senado si Sen. Francis Tolentino.

Masuwerte kami sa Cavite na mayroong political dynasty na matitino at mahuhusay na mga lingkod-bayan.

Siyempre, ang pamanang mahusay na serbisyo sa mamamayang Cavitenyo ni Gov. Johnny Remulla ang linyang tinutunton ng magkapatid na Gov. JonVic Remulla at Justice Sec. Boying Remulla, at iba pang kapamilyang ngayon ay nasa serbisyong bayan din.

Bago pa lamang ang tambalan ng magkapatid na Mayor Raffy at Vice Mayor Jun Dualan ng Naic na sa panahon ni Jun noong siya ang mayor, nagawa niya na maging first class municipality ang Naic.

Gayundin ang mag-amang Mayor Alex 'AA' Advincula at Cong. Adrian 'AJ' Advincula na umaasa kaming Imuseno, magpapatuloy ang pag-unlad at pag-asenso naming Imuseno.

Basta, tinitiyak ko sa iyo, Mr. AB Del Rosario, okay lang ang political dynasty sa Cavite.

Para sa inyong komento, mag-mensahe sa domzcaoile@yahoo.com

## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDIATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ILDEFONSO FAJARDO ,** who died on July 28, 1994 at Sta. Manila, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of ITtle No. T-387488, left a parcel of land agricultural land convered by Tax Declaration NO. AA-13-0017-00289 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-Ann R. Alcid, under Doc. No. 623 Page No. 23, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF SIXTO AREVALO AND CRESENCIA PAPA

NOTICE is hereby given that the estate of the late SIXTO AREVALO AND CRESENCIA PAPA, who died on September 17, 2006 and February 4, 2010 left a parcel of land agricultural land covered by Transfer Certificate of title no. t-16246 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B, Octava, under Doc. No. 323 Page No. 55, Book No. III, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OFESTATE OF THE LATE SPOUSES MARCIANO CARATEHAN DIMANAL AND TRINIDAD AMATRIAM DEMANDAL WITH WAIVER OF RIGHT AND PARTITION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES MARCIANO CARATEHAN DIMANDAL AND TRININDAD AMATRIAM DIMANDAL,** who died on April 26 1999 and July 30, 2002 at Silang, Cavite, left a parcel of alnd covered by Tax Declaritaon No. 18-0017-06140, Tax declaration 18-0056-00340, tax Declartion no. -18-0055-00746 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper c. sales, under Doc. No. 770 Page No. 74, Book No. 5, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED SPOUSES LAMBERTO I. VIRATA SR. AND NORMA P. VIRATA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES LAMBERTO I. VIRATA SR. AND NORMA P. VIRATA,** who died on May 24, 2011 at las Pinas city, Metro Manila and june 5, 2006 at Muntinlupa Ccity, left a parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-613655 of the registry of deeds for the province of Cavite Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Carlos Emmanuel Montoya, under Doc. No. 250, Page No. 40, Book No. XXXIII, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RUSTICA MEDNOZA CASASOLA ANND MARCIANO ORDONEZ CASASOLA,** who died on instetate on December 27, 2009 at general Trias, Cavite and October 4, 2014 at Naic, Caviote, left a parcels of land, covered by Transfer Certificate T-9788996, Transfer Certificate of Title No. T-264274, Transfer certificate of iTitle No. T-1160328, Transfer Certificae of Title No. T-1160329, Transfer Certificate of Title No. T-1160331, Transfer Certiciafte of Title No. 057-2013038507 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 36 Page No. 9, Book No. 13, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 3, 10 & 17, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED ROSALES ROCILLO WITH ABSOLUTE ASLE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ROSALES ROCILLO,** who died on instetate on OCTOBER 27, 2002 AT MENDEZ, CAVITE, left a parcel of land situated in brgy. Mahabang Kahoy, Balagbag, Indang, cavite coverd by Tax Declaration AA-10-0029-01296 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jasper C. Sales, under Doc. No. 391, Page No. 80, Book No. 12, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**MARCH 27, APRIL 3 & 10, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF EDECEASED PERSON WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARINA ABAD GUMALE ,** who died on instetate on January 12, 2022 at Amaya 5, Tanza, Cavite, left a parcels of land, covered by Transfer Certificate no. 057-2020046295, Transfer Certificate of Title No. no. 057-20220000054, Transfer certificate of Title No. 057-2016032027 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio m. paligutan, under Doc. No. 246 Page No. S, Book No. I, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**APRIL 10, 17 & 24, 2023**

## ERRATUM

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE DECEASED PERSON ISIDORO PEñANO AND MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD

NOTICE is hereby given that the estate of the late **PERSON ISIDORO PEÑANO,** who died on January 10, 1968, **MARIA BOCOD/MARIA BUKOD/MARIA BUCOD**, who died on April 22 1998 at Barangay Kaysuoy, Alfonso, Cavite , left a parcel of land embraced by Katibayanng Orihinal na Titulo Blg. Op-3966 with an area of 6278 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Gabriel B. Octava, under Doc. No. 271, Page No. 55, Book No. V Series of 2023.

# Solar Power Plant itatayo sa Maragondon, Tanauan

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 28 10.00 APRIL 10 - APRIL 16, 2023

IKINATUWA ni Cavite Mayor Lawrence 'Umbe' Arca na napili ang bayan ng Maragondon na pagtayuan ng isang solar power plant (SPP).

Isa pang pagtatayuan ng SPP ay ang bayan ng Tanauan, Batangas.

Ani Mayor Arca kayang social media post na nagagalak ang Maragondon na maging bahagi ng larangan ng enerhiya.

Binanggit ng alkalde ang panawagan ni Presidente Bongbong Marcos tungkol sa "renewable energy" at "clean energy transition" at sa pagtatayo ng SPP, magiging bahagi sa layuning ito ang bayan ng Maragondon.

Sinabi pa ni Mayor Arca na masaya siya na sa itatayong planta ng enerhiya, makatutulong ang Maragondon na makapagbigay ng mahusay na suplay ng koryente sa Cavite.

"Naniniwala ako na ito na ang tamang panahon para magtulong-tulong ang lahat ng ahensiya ng gobyerno, maging ang mga pribadong sektor para magtaguyod ng mga iba't ibang proyekto tungkol sa enerhiya at iba pang programa para mapaghandaan ang iba pang resources na sa ngayon ay unti-unti na ng nauubos," sabi ni Mayor Arca.

Ang dalawang SPP ay itatayong Solar Tanauan Corporation.

Sumaksi sa ginanap na ground breaking ceremony sina Cavite Gov. Jonvic Remulla, Batangas Gov. Dodo Mandanas, Solar Tanuan Corporation chair Kathrina Razon, Power China Philppines' Zhao Zhihao at Bal Yongsheng, Maragondon Vice Mayor Bernie Ilagan, at mga opisyal ng barangay ng Pantihan 2 at Pantihan 3.

Sinabi ng alkalde na nakikiisa ang mga mamamayan ng Maragondon, kasama ang pamahalaang bayan sa layuning maiangat ang Pilipinas sa tulong ng Diyos./ **DOMZ B. CAOILE**




*Ipinaliliwanag ni Zhao Zhihao ng Power China Philippines ang kahalagahan ng itatayong Solar Power Plant sa harap ng mga opisyal ng Cavite at ng Batangas.*



*Batangas Gov. Dodo Mandanas, Mararogondon Mayor Umbe Arca, Cavite Gov. JonVic Remulla*









*Cheez: Hawak ang pala, nakangiting nagpakuha ang mga opisyal ng Batangas at Cavite bago simulan ang seremonyas na hudyat ng paglalagay ng time capsule sa itatayong Solar Power Plant.*

# Cavite's only true destination: Tanza Oasis Hotel and Resort

Tanza Oasis Hotel and Resort is Cavite's only true resort destination, offering the perfect mix of exceptional resort accommodations, service, comfort and a classic Filipino hospitality.

Just one hour away from busy life of Metro Manila: Discover a hotel that is modern as well as classically elegant.

Tanza Oasis Hotel offers the largest themed Swimming Pool in the area, that will cater adults and loved by the kids.

Also, the resort stands as the premier meeting center for international clientele and businessman alike with meeting, convention and outdoor function space.

The Hotel offers 5 different room types to suit the visitors and it has Safari Themed Swimming pool which is equipped with 3 exciting giant pool slides for those who want some action and play.

For superb dining experience, the hotel has two restaurants -- Shang Garden Restaurant and Sagobe Bar themed and elegantly designed for everyone's ambiance, with proper lighting to give a feeling of warmth.

Visitors will surely experience superior luxury, subtle elegance and personalized services and much more.

The Oasis is located at Kilometer 41 A. Soriano Highway, Barangay Capipisa, Tanza, Cavite.

Phone: +63 46 4388 488 to 89; Manila Line: +63-02-85844628.

Email: reservations@ tanzaoaisis.com







